# ANG KASANAYANG PAGBASA SA PANAHON NG BAGONG KADAWYAN

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Ang taong palabasa ay hindi nahuhuli sa takbo ng panahon. Hindi mapasusubalian ang katotohanang ang kasanayan sa pagbasa ay daan upang ang isang indibidwal ay magkaroon ng malawak na kaalaman at maunlad na kaisipan sa maraming bagay. Malimit na ang isang tao na mahusay sa pagsasalita at pagsusulat ay ang mga taong mahilig sa pagbabasa. Samakatuwid, ang iba pang mga kasanayan sa pakikipagtalastasang ito ay nakaangkla sa pagbasa.

Napakahalaga ng tungkulin ng guro upang mapaunlad ang kasanayan ng kanyang mga mag-aaral sa pagbasa dahil nakabatay ang tagumpay at kabiguan nila sa paraan at proseso ng pagtuturo ng guro. Ang epektibong estratehiya at angkop na danas bilang paghahanda ng guro sa pagtuturo ng pagbasa ay repleksyon naman sa kung ano ang kanyang interpretasyon at pakahulugan sa pagbasa. Ibig sabihin, kung para sa isang nagtuturo ng pagbabasa na ang pakahulugan niya sa pagbasa ay pagkilala at pagbigkas lamang sa mga nakalimbag sa simbolo ay hindi makakamit ng mag-aaral ang totoong diwa ng pagbasa. Ito rin ang sinasabi ni Badayos (2013) na ang tunay na pagbasa ay ang pag-unawa sa mensahe ng isang teksto at ang pagpapatunog ng mga salita o parirala ay bahagi lamang ng kabuoan ng proseso ng pagbasa.

Ngunit nang magkaroon ng malaking pagbabago sa pamumuhay ng marami kasabay ng pagpasok at pagkalat ng nakahahawang novel coronavirus o Covid-19 sa bansa ay sya ring pagbabago sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Gayunpaman, nakasaad sa DepEd Order No. 018, s. 2020 ang mga polisiya ng implementasyon sa pangangailangang maipagpatuloy ang edukasyon sa Pilipinas. Sa panahon ngayon na tinatawag na bagong-

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

kadawyan o new-normal ay naging pangunahing moda ng pagtuturo o Learning Delivery Modality ang Distance Learning kung saan ang guro at mag-aaral ay hindi magkasama sa iisang lugar. Naisasakatuparan ito sa pamamagitan ng iba't ibang moda gaya ng Modular Distance Learning (MDL), Online Distance Learning (ODL), at TV/Radio-Based Instruction.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Olila (2021) na ang biglaang pagpapalit na ito mula Face-to-Face Learning Delivery Modality tungong Distance Learning ay kinakitaan ng ilang suliranin sa pag-agapay at pagsabay ng mga mag-aaral sa moda ng pagkatuto-pagtuturo. Kung noon na marami nang mga mag-aaral ang hindi nakababasa, o kaya ma'y nakababasa ngunit wala o mahina ang komprehensyon ay makatwirang sabihin na lalo pa itong naging problema sa kasalukuyang panahon.

Kung pangunahing tunguhin ang pagkatuto sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nararapat na ang mga gawaing pampagkatuto, gaya ng mga nakasaad sa modyul ay angkop, epektibo, at nagtataglay ng mga mapanghamong gawain at masining na pagtatanong na aakma sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Maliban sa mga tanong/gawain na nangangailangan lamang ng simpleng paggunita o pagtukoy sa mga detalye ng teksto, kailangang nakakamit din ang mataas na lebel ng pag-iisip ng mag-aaral gaya ng mga kasanayang paghihinuha, pagbibigay-kahulugan, paglalahat, pagpapahalaga, at kasanayan sa pag-iisip na lagpas sa kontekstong inilalahad ng mga paktwal na pangyayari sa teksto.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

BADAYOS, P. B. 2013. Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika Mga Teorya, Simulain at Istratehiya. Grandbooks Publishing Inc. Pateros Metro Manila

DepEd Order No. 018, s. 2020

OLILA, R. G. 2021. Learning Difficulties and Coping Mechanisms of Education Students in the Shift to Flexible Learning Modality amidst COVID-19 Pandemic. JPAIR Institutional Research Journal, 17(1). Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=166

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan